Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula




# 1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7 Pagbibigay ng Panuto at Pagbuo ng Pangungusap Gamit ang Tamang Bantas



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Grace L. Jumao-as, Cherlen M. Aguirre
**Editor:** Jesselita S. Maglasang
**Tagasuri:** Gerel Lourdes G. Ybańez, Allan Caballero, Mary Ann O. Mandao
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Grace L. Jumao-as, Cherlen M. Aguirre
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbigay ng maikling panuto, pagbuo ng wasto at payak na pangungusap gamit ang tamang bantas upang makapagbigay ng malinaw na mensahe.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol nito.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahan na ang sumusunod na kasanayang pampagkatuto ay iyong matatamo:

- Nagagamit ang mga natutuhang salita sa pagbuo ng mga simpleng pangungusap. **(F1PP-IIIj-9)**
- Nakapagbibigay ng maikling panuto. **(F1PS-IVG-8.3)**
- Naibibigay ang paksa ng napakinggang tekstong pang-impormasyon paliwanag. **(F1PN-IVj-7)**
- Natutukoy ang gamit ng iba't ibang bantas. **(F1AL-IVf-8)**
- Nakabubuo nang wasto at payak na pangungusap na may tamang ugnayan ng simuno at panaguri sa pakikipag-usap. **(F1WG-IVi-j-8)**



# Balikan

Masayang araw mga bata. Bago natin simulan ang ating aralin sa linggong ito ay magbalik-aral muna tayo.

**Panuto**: Ibigay ang inyong hinuha sa mga sumusunod na pahayag o sitwasyon.


1. Maagang lumabas si Anna upang maglaro.
   Hindi pa nagtatagal bigla siyang tumigil sa paglalaro.
2. Lalong dumami ang bilang ng taong maysakit sa inyong lugar.
3. Nawalan ng trabaho ang iyong kapitbahay.
4. Pinalitan ni tatay ang gripo na nasa kusina.
5. Marami ang nagsusuot ng face mask sa mga kalsada.



# Tuklasin

Handang-handa ka na ba sa ating aralin? Tara! Simulan na nating magsaya at matuto.

A. **Panuto**: Pag-aralan ang mapa upang maibigay ang panuto patungo sa mga tutukuying lugar. Gamitin ang mga salitang **kanan, kaliwa, itaas, ibaba, harapan** o **likuran** sa pagbuo ng simpleng pangungusap.




1. mula simbahan papuntang paaralan
2. mula palengke papuntang ospital
3. mula paaralan papuntang simbahan
4. mula ospital pauntang simbahan
5. mula paaralan sa kung saan mo nais pumunta

B. **Panuto**: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong nito.

Bitbit ni Letlet ang maliit na basket . Mangunguha siya ng mga bulaklak. Napadaan siya sa isang puno ng kamatsili.Mayamaya, narinig niya ang awit ni Pipit.Tumigil si Letlet sa paglalakad.

Masaya siyang nakinig kay Pipit.

1. Bakit may bitbit na basket si Letlet?
2. Paano niya narinig ang awit ni Pipit?
3. Bakit tumigil siya sa paglalakad?
4. Paano siya nakinig kay Pipit?
5. Ano kaya ang magiging paksa sa kuwentong ito?



# Suriin

Ngayon ay may pag-aaralan tayo. Ano ang tawag sa mga simbolong ito**.** ____**?**____**!** ?

Tama ka! Ito ay mga bantas. Ang mga bantas ay mga simbolo na tumutulong sa tama at wastong pagkakaunawa sa mga teksto.

Kabilang sa mga bantas ang sumusunod:

- Ang tuldok (.) ay ginagamit kung ang pangungusap ay simpleng pagpapahayag o nagbibigay ng impormasyon.
  Halimbawa:
  Mainit ang sikat ng araw.
- Ang tandang pananong (?) ay ginagamit kapag ang pangungusap ay nagtatanong.
  Halimbawa:
  Bakit ka lumabas ng bahay?
- Ang tandang pandamdam (!) ay ginagamit kapag ang pangungusap ay nagpapakita ng gulat, galit o iba pang matinding damdamin.

  Halimbawa:
  Naku! nahulog ang bata.

Mayroong dalawang bahagi ang isang pangungusap. Ito ay ang simuno at panaguri. Ang simuno ay ang pinag-uusapan sa bawat pangungusap.

Ang panaguri ay nagsasabi kung ano ang ginagawa o nangyari sa simuno.

Halimbawa:
1. Ang mga magkakaibigan ay naliligo sa ilog.
2. Si Ate Ana ay kumain ng bayabas.
3. Umakyat sa puno ng manga si Tatay Ruben.
4. Nakikinig ng radyo si Aling Isabel.

Ang mga salitang magkakaibigan, Si ate Ana, Si Tatay Ruben at si Aling Isabel ang pinag-uusapan sa bawat pangungusap.Ang tawag sa mga ito ay **simuno**.

Ang naliligo sa ilog, kumain ng bayabas, umakyat sa puno ng manga at nakikinig ng radyo ang nagsasabi kung ano ang ginagawa o kung ano ang nangyari sa simuno.
Ang tawag sa mga ito ay **panaguri.**



# Pagyamanin

Mga bata sa bahaging ito ay magkakaroon tayo ng isa pang gawain.

A. **Panuto**: Gamitin ang mga salita sa kahon upang makabuo ng mga pangungusap.

| kumain | bulaklak | Tatay | bukid | manga |
|---|---|---|---|---|

B. **Panuto**: Kompletuhin ang mga pangungusap sa pamamagitan ng paglagay ng wastong bantas.
1. Tumaas ang tubig sa ilog kagabi_____
2. Ano ang sanhi ng sakit ni Isabella_____
3. Sa wakas magaling na si Tatay_____
4. Masipag si nanay_____
5. Ano ang pangalan mo____



# Isaisip

Ngayon muli kong susubukan ang iyong galing sa paglalagom ng iyong buong aralin.

Ang tuldok (.) ay ginagamit sa__________________________________.
Ang tandang pananong (?) naman ay ginagamit sa _____________.
Ang tandang pandamdam (!) ay ginagamit sa____________________.
Ang simuno ay _____________________________________________.
Ang panaguri ay ____________________________________________.



## Tayahin

Binabati kita sa iyong tagumpay! Napaglampasan mo ang mga naunang gawain. Ang susunod na bahagi ay tiyak na magugustuhan mo.

**Panuto**: Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong bantas ang ginagamit sa pagsasabi ng impormasyon ?
   a. Kuwit c. tandang pananong
   b. Tuldok d. tandang padamdam
2. Saan nagpunta si Roland____ Aling bantas ang dapat gamitin upang mabuo ito?
   a. tuldok c. tandang padamdam
   b. kuwit d. tandang pananong
3. Anong bantas ang ginagamit kung nais mong sabihin ang pagkatakot, pag-aalala, pagkabahala, o pagkagulat sa isang impormasyon?
   a. kuwit c. tandang pananong
   b. tuldok d. tandang padamdam
4. Si Lita ay mabait na bata. Ano ang tawag sa salitang may salungguhit?
   a. panaguri c. simuno
   b. panuto d. tuldok
5. Anong bahagi ng pangungusap ang nagsasabi kung ano ang ginagawa o kung ano ang nangyari sa simuno?
   a. simuno c. panaguri
   b. tuldok d. panuto



# Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito ay mas mapagtibay mo ang iyong nalalaman sa aralin. Handa ka na ba para sa huling gawain? Magaling!

**Panuto**: Salungguhitan ang panaguri at bilugan ang simuno sa bawat pangungusap.

1. Si Ate Lita ay kumain ng bayabas.
2. Si Ana ay naliligo sa dagat.
3. Ang pusa ay umakyat sa puno.
4. Tumakbo nang mabilis ang kabayo.
5. Lumilipad ang ibon.

# Sanggunian


Calatrava, Sacho, Soniega, Arabella Mae, and Sabile, Josephine. *Bumasa at sumulat Filipino 1: Kagamitan ng mag-aaral*, Republika ng Korea, Principia Co., 2017.

Calatrava, Sacho, Soniega, Arabella Mae, and Sabile, Josephine. *Bumasa at sumulat Filipino 1: Kagamitan ng mag-aaral*, Republika ng Korea, Principia Co., 2017.

Department of Education. *Filipino teachers' guide.* Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

Liwanag, Lydia. *Landas sa wika at pagbasa text book: Filipino 1.* Philippines.

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan:**

Depende sa sagot ng mga bata.

**Tuklasin:**

A

1. Ang paaralan ay nasa kanan ng simbahan.
2. Nasa itaas ng palengke ang ospital.
3. Ang simbahan ay nasa kaliwa ng paaralan.
4. Ang simbahan ay nasa ibaba ng ospital.
5. Depende sa sagot ng mga bata

B

1. Mangunguha ng mga bulaklak.
2. Napadaan siya sa isang puno ng kamatsili.
3. Dahil narinig niya ang awit ni Pipit.
4. Masaya
5. Si Letlet

**Pagyamanin:**

**A.** Depende sa sagot ng mga bata.

**B.**
1. !
2. ?
3. !
4. .
5. ?

**Tayahin:**

1. B
2. D
3. D
4. C
5. C

**Karagdagang Gawain:**

1. Si Ate Lita <u>ay kumain ng</u> <u>bayabas.</u>
2. Si Ana <u>ay naliligo sa</u> <u>dagat.</u>
3. Ang pusa <u>ay umakyat</u> <u>sa puno.</u>
4. <u>Tumakbo nang mabilis</u> ang kabayo.
5. <u>Lumilipad</u> ang ibon.